

**Ano ang
maaari mong
gawin kapag
may tsunami?**



ANO ANG TSUNAMI?


Ang tsunami ay sunod-sunod na dambuhalang alon mula sa dagat na bunga ng paglindol, pagguho ng lupa sa ilalim ng dagat, o pagputok ng bulkan. Maaari itong mangyari kahit anong panahon, kahit anong oras, sa araw man o sa gabi.

Ang tsunami ay maaaring maging sanhi ng pagbaha at nagdadala ng mga problemang kaugnay ng transportasyon, kuryente, komunikasyon, at ng tubig na iniinom. Ang mga alon na ito ay maaaring maglakbay sa bilis na 30-50 kilometro kada oras at maaaring umabot ng 25 metro ang taas nito. Ito ay lumilikha ng tunog na parang papalapit na tren o eroplano, o tunog na parang pumipito.



MGA PAALALA KAPAG MAY TSUNAMI

- Kapag naglabas ng babala ukol sa tsunami, maghandang lumikas kaagad. Lumayo mula sa mga tabing-dagat o tabing-ilog.
- Ang malakas na lindol, matagal man ito o saglit lang, ay maaari pa ring lumikha ng tsunami.




Bago magkaroon ng Tsunami

Oo, maaari kang maging handa para sa isang tsunami!


Narito ang mga maaari mong gawin:

- Libutin ang gusali o istrukturang iyong pinagtatrabahuhan o tinitirhan, at tukuyin ang mga puwedeng silungan sa bawat silid.
- Alamin ang taas ng inyong kalye kumpara sa sealevel, at ang distansiya ng inyong kalye mula sa baybayin o sa mga mapanganib na anyong-tubig. Maaaring ito ang gawing basehan kapag naglabas na ng kautusan para sa paglikas.



Bago magkaroon ng Tsunami

- Alamin kung nasaan ang mga fire extinguisher at ang mga daan palabas.
- Sumali sa mga safety drill sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan o sa inyong komunidad. Ibahagi ang iyong mga kaalaman sa iyong pamilya at sa iyong mga kaibigan.
- Mag-download ng local emergencyalert apps sa iyong smartphone upang malaman ang mga pinakahuling ulat ukol sa mga emergency tulad ng tsunami at iba pang sakuna.



Bago magkaroon ng Tsunami

Ihanda ang iyong emergency bag.

Kinakailangang may laman itong mga gamit na kakailanganin mo sa paglikas.



Ito ang mga maaaring nilalaman ng bag: flashlight na may ekstrang baterya, pito na magagamit na pantawag-atensyon, COVID-19 masks, kopya ng mga mahahalagang dokumento, pera, listahan ng mga mahahalagang numero, mga personal na gamot, baso, 1.5 litro ng tubig, mga ready-to-eat na pagkain, dyaket o kapote na puwedeng isuot kapag umuulan, at mga pangunahing gamit pangkalinisan.


Habang may Tsunami

- Kung malapit ka sa tabing-dagat, drop, cover, at hold on hanggang tumigil ang pagyanig.
- Kung may matinding pagyanig na tumagal ng 20 segundo o higit pa, lumikas agad sa mataas na lugar dahil maaaring ang lindol ay lumikha ng tsunami.
- Pumunta kaagad sa isang mataas na lugar, piliin ang pinakamalayo sa dagat na maaari mong maabot. Dapat, ang lugar ay 30 metro o higit pa ang taas mula sa sea level.




Habang may Tsunami

- Makinig sa mga impormasyon at alertong kaugnay ng emergency.
- Maging alerto sa mga senyales ng padating na tsunami, gaya ng biglang pag-akyat o pagkasaid ng tubig-dagat.
- Kung nasa bangka ka, pumalaot ka.
- Lumikas: HUWAG maghintay! Umalis na kapag may napansin kang natural na senyales ng tsunami O di kaya'y makarinig ka ng opisyal na babala tungkol sa paparating na tsunami.
- Maglakad nang mabilis sa halip na magdala ng sasakyan upang makaiwas sa trapik, mga lumilipad na debris, at iba pang mga panganib sa daan.



Habang may Tsunami

- Huwag pumunta sa tabing-dagat para masaksihan ang paghampas ng tsunami. Kung matatanaw mo ito, ibig sabihi'y masyado ka nang malapit para makatakas mula rito.
- Kapag wala ka nang pagkakataong makapunta sa mataas na lugar bago dumating ang tsunami, manatili ka na lamang sa loob ng bahay o gusali kur-
saan mas ligtas ka mula sa tubig.



Pagkatapos ng Tsunami

Makinig sa mga lokal na pag-aalerto at sa mga lokal na awtoridad para sa impormasyon tungkol sa mga lugar na dapat iwasan at kung saan maaaring sumilong.



Iwasan ang paglusong sa baha, maaaring may delikadong debris sa tubig. Possible ring mas malalim ang tubig kaysa iyong inaakala.

Pagkatapos ng Tsunami

Mag-ingat sa panganib ng pagkakakuryente. Ang mga kable ng kuryenteng nakabaon sa ilalim ng lupa o nagsibagsakan ay maaaring magpadaloy ng kuryente sa tubig.



Huwag hawakan ang kahit anong de-kuryenteng gamit kapag basa ito , o kapag ika'y nakatuntong sa may tubig.

Pagkatapos ng Tsunami

Lumayo sa mga sirang gusali, kalsada, at mga tulay.



Tiyaking ang mga katrabaho, pamilya, at ikaw mismo ay ligtas bago ka tumulong sa iba. Magbigay ng paunang lunas kung kinakailangan at posible.